4742 Brooklyn Ave., Seattle.
Oct. 4, 1918.

Guilio at pinakamamahal kong Tia:

Sa awà pô ng Dios ay akó ay magaling ngunit ang di lámang makapagpasayá sa akin ay dahil sa balitá na kayo ay may sakit. Ano pô ang dinaramdam ninyo? Kahit po kayó ay may-sakit ay hawag kayong mamamanglao at baka sia ang makapagpalubhâ sa inyó. Laguî kayong umasa na kayó ay gagaling at walang sala na di kayó gagaling kun kayong umaasa



at ganon ding hawag ninyong pasasamin ang inyong kalooban. Lagui kayong magsaya at limutin na ninyó ang bahay at pamamahay na sandalî, ang isaloob ninyó parati ay ang pagsasayá. Pagkayo ay gumaling-galing ay kayong kumain ng marami katulad ng ulam at itlog. Kun maarî ay pilitin ninyong kainin ang anim (6) na itlog na lilao arao-arao, dalawa bawat kakain at uminom kayó ng maraming gatas sa umaga.

Hawag kayong mahihinayang sa gastos at walang kailangan ang cuarta - sa ikabubuti ng katawan. Hawag na hawag kayong magtitipid sa pag-bili ng maraming itlog at gatas at kumain kayo ng marami at figong kayong tataba. Kun kayo ay tutulog ay buksan ang bintana. Pag magaling na kayo ay kayo ay magvacacion oli sa Manila at doon ay hawag kayong magtatapon ng pagkain. Kumuha kayo